4

# EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN

## Unang Markahan – Modyul 3: Entrepreneurship and Information and Communication Technology (ICT)

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang matulungan ang mga guro at mag-aaral na mapagaan ang kanilang pagtuturo at pagkatuto. Ang saklaw ng modyul na ito ay pinapayagan na gamitin sa iba't ibang uri ng sitwasyon. Ginamitan ng iba't ibang estratihiya ang bawat aralin upang lubusang matutunan ng mga mag-aaral ang lahat ng layunin sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ang mga leksyon ay inayos upang sundin ang pamantayan nang pagkasunud-sunod ng mga aralin.

Ang modyul na ito ay mayroong iisang aralin:

- Aralin 7 – Ligtas at Reponsableng Paggamit ng Computer, Internet, at Email

Pagkatapos ng mg aralin sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Nabibigyang-kahulugan ang ICT at ang kahalagahan nito
2. Naipaliliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng *computer*, *internet*, at *email*
3. Nakabubuo ng mga patakaran na dapat sundin sa ligtas at responsableng paggamit ng *computer*, *internet*, at *email*

## ***Subukin***

Layan ang patlang ng (✓) kung tama ang pahayag at (**X**) naman kung mali.

______1. Makatutulong sa mabilis na pagpapadala at pagkuha ng impormasyon ang paggamit ng mga ICT *equipment* at *gadgets*.

______2. Dapat gumamit ng *internet* sa paaralan anumang oras at araw.

______3. Maaaring magbigay ng personal na impormasyon sa taong nakilala mo gamit ang *Internet*.

______4. Dapat ipaalam sa guro ang mga nakita mo sa *internet* na hindi mo naiintindihan.

______5. Ibigay ang *password* sa kamag-aral upang magawa ang *output* sa panahong liliban ka sa klase.

| Aralin 7 | Ligtas at Reponsableng Paggamit ng Computer, Internet, at Email |
|---|---|

Layun ng araling to na malinang ang kakyahan ng mga mag-aaral ang ligtas at kapakipakinabang sa lahat ang paggamit ng kagamitan at pasilidad sa Information and Communication Technology (ICT) katulad ng *computer*, *email*, at *internet.* Kailangang mahusay na mapag-aralan ang mga gabay sa ligtas at responsableng paggamit ng *computer*, *internet*, at *email* sa paaralan.

## *Balikan*

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang mga dapat gawain sa pamamahala ng tindahan?
2. Ano ang mangyayari kung ang isa rito ay hindi mo gagawin?
3. Paano Maiiwasan ang pagkalugi sa pagtitinda?

## *Tuklasin*

Sumulat ng tatlong pangungusap kung paano ang paggamit ng computer, internet, at email na responsabli at ligtas. Isulat ang iyong sagot sa malinis na papel.

1. ______________________________________________________
2. ______________________________________________________
3. ______________________________________________________

## *Suriin*

Ang Information Technology sa mga pamamaraan, kasangkapan, at teknolohiya na tumutulong sa mga tao upang makakuha ng impormasyon, maproseso ito, maitago, at maibahagi. Itinuturing din itong Sining at Agham ng pagtatala (*recording*), pag-iingat (*storage*), pagsasaayos (*organizing*) pakikipagpalitan (*exchange*), at pagpapalaganap ng impormasyon (*information dissemination*).

Kasiya-siyang gawain ang paggamit ng *computer*, *internet*, at *Email.*

Ngunit, may kalakip na mga salik ang paggamit ng mga ito.
Ang ilan sa mga ito ay:






- *Exposure* o pagkalantad ng mga di-naaangkop na materyales.
    - Maaari kang makakita ng materyales na tahasang seksuwal, marahas, at ipinagbabawal o ilegal.



- *Viruses, Adware*, at *Spyware*
    - Maaaring makakuha ng mga *virus* sa paggamit ng *Internet* na maaaring makapinsala sa mga *files* at *memory* ng *computer* at makasira sa maayos nitong paggana.



- Paniligalig at Pananakot o *Harassment* at *Cyber bullying*
  - Maaari ka ring makaranas ng *cyber bullying* o malagay sa peligro dahil sa pakikipag-ugnayan sa mga hindi kakilala.



- Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan o *Identity Theft*
  - Ang naibahagi mong personal na impormasyon ay gamitin ng ibang tao sa paggawa ng krimen. Maaaring ding makuha ang impormasyon na hindi mo nalalaman o binibigyang pahintulot. Ito ang tinatawag na *identity theft* o *fraud.*

Ang ilan sa mga kasiya-siya at tamang pamamaraan sa paggamit ng computer, internet, at email ay ang sumusunod:

- Tiyakin/itakda kung aling websites ang maaaring bisitahin at kung gaano katagal maaaring gumamit ng kompyuter, internet at email.

- Magpa-install o magpalagay ng internet content filter. Magagamit ito upang ang kapakipakinabang na nilalaman lamang ang mababasa at maida-download gamit ang Internet.

- Makipag-ugnayan lamang sa mga kakilala o kaibigan tuwing online. Sundin ang tamang gabay na itinakda sa paggamit ng mga social networking, instant messaging, email, online gaming, at webcam.

## Ilang Bagay Na Dapat Isaalang-alang Para sa Ligtas na Paggamit ng *Internet*

Magkaroon ng malinaw na patakaran ang paaralan sa paggamit ng computer, *Internet*, at *email.*

Ang pasilidad ng *Internet* ay para sa layuning pang -edukasyon lamang. *I access* o buksan ang *Internet* sa pahintulot ng guro. Bisitahin lamang ang mga aprobadong *sites* sa *Internet.*

Ipinagbabawal ang paggamit ng chat rooms na maaaring magdulot ng kapahamakan para sa mag-aaral

Ipagbawal ang pagdadala ng anumang pagkain o inumin sa loob ng *computer laboratory.*

Ingatan lahat ng kagamitan sa loob ng *computer laboratory*. Sundin ang mga direksyon ng guro tungkol sa tamang paggamit ng anumang kagamitan.

Gamitin lamang ang mga ligtas na *search engine* sa *internet.* Halimbawa:
www.kidzui.com
www.kids.aol.com
www.surfnetkids.com

Alamin ang pagkakaiba ng publiko at pribadong impormasyon.

Huwag maglathala, magbigay o mamahagi ng anumang personal na impormasyon tungkol sa inyo o sa ibang tao (katulad ng tirahan, *email address*, o *telepono*).

Pumili ng *password* na mahirap mahulaan, at palitan ito kung kinakailangan.

Huwag ibigay ang password kaninuman (maliban sa mga magulang) at siguraduhing naka-log-out ka bago patayin o i-off ang kompyuter.

I-shut down ang kompyuter at i-off ang koneksiyon ng internet kung tapos nang gamitin ang mga ito. Huwag hayaang nakabukas ang mga ito kapag hindi ginagamit.

## *Pagyamanin*

**Gawain 1.**

Gamit ang tseklist upang, tiyakin kung umaayon ang mga ito sa pamantayan ng tamang paggamit ng *computer*.

| **PAMANTAYAN SA TAMANG PAGGAMIT NG *COMPUTER*** | | |
|---|---|---|
| Isagawa ang mga sumusunod. Lagyan ng tsek (✓) ang hanay ng *icon* na napili. |  |  |
| 1. May sandalan ang upuan at maaaring i-*adjust* ang taas nito. | | |
| 2. Habang nagta-*type*,mas mababa nang kaunti ang *keyboard* sa kamay. | | |
| 3. Bahagyang nakaangat ang kabilang dulo ng*keyboard.* | | |
| 4. Nakaupo nang tuwid at nakalapat ang mga paa. | | |
| 5. Tama lang at hindi masyadong mahigpit ang pagkakahawak sa *mouse* at naiki-*click* ito nang mabilis. | | |

Gawain 2.

Isulat sa *graphic organizer* sa ibaba angmahahalagang alalahanin para sa ligtas at responsableng paggamit ng *internet*

| | |
|---|---|
| 1. | 2 |
| 3 | 4 |

## *Isaisip*

Sagutin:

Kasiya-siya ba ang paggamit ng computer, internet, at email? Bakit?

## *Isagawa*

I. Panuto: Sumulat ng tseklist ng tamang posisyon sa paggamit ng computer.

II. Panuto: Gumawa ng skit o anumang uri ng presentasyon na tumatalakay sa responsableng paggamit ng computer, internet, at email.

## *Tayain*

**Panuto:** Isulat sa patlang ang titik **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung mali.

___1. Makatutulong sa mabilis na pagpapadala at pagkuha ng impormasyon ang paggamit ng mga ICT equipment at gadgets.
___2. Dapat gumamit ng internet sa paaralan anumang oras at araw.
___3. Maaring magbigay ng personal na impormasyon sa taong nakilala mo gamit ang internet.
___4. Dapat ipaalam sa guro ang mga nakita mo sa internet na hindi mo naiintindihan.
___5. Ibigay ang password sa kamag-aral upang magawa ang output sa panahong liliban ka sa klase.

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng isang salaysay na nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng makabagong teknolohiya.

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin
1. √
2. X
3. X
4. √
5. X

Pagyamanin
Gawain 1
1.
2.
3.
4.
5.

Tayahin
1. Tama
1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama
6. Tama
7. Mali
8. Tama
9. Tama